

## Tungkol sa paggamit ng Hokoan Park

フィリピン語 (FILIPINO)

### 【Mga Paalala sa paggamit ng parke】

- Ang lahat ng basura ay kailangang iuwi ng bawat indibidwal.
- Mahigpit na ipinagbabawal ang pagputol ng mga sanga ng puno ng cherry blossoms at iba pang mga halaman sa loob ng parke, gayundin ang anumang pagkasira o pagdudumi ng punong-kahoy o pasilidad sa parke.
- Mahigpit na ipinagbabawal ang paggamit ng drones (maliban sa mga operator na may pahintulot mula sa lungsod).
- Huwag sakupin ang mga lugar na maaaring magdulot ng sagabal sa daloy ng tao sa mahabang oras.
- Bawal ang direktang pag-apoy sa lupa (halimbawa: campfire).
- Sa ilalim ng bubong o mga lugar na maaaring magdulot ng sunog ay mahigpit na ipinagbabawal ang pagkakaroon ng apoy.
- Bawal ang pagtulog o pagtira sa loob ng parke.
- Mahigpit na ipinagbabawal ang pagkakaroon ng negosyo, pangangalap ng donasyon, o anumang komersyal na aktibidad nang walang pahintulot.
- Bawal sakupin ang bahagi o buong parke na labis sa karaniwang paggamit ng parke nang walang pahintulot.
- Ang mga taong gumamit ng apoy sa hindi tamang lugar o sumakop sa hindi angkop na bahagi ng parke ay maaaring utusang umalis ng mga tauhan ng parke.
- Simula alas-10 ng gabi, bawal na ang paggamit ng paputok.
- Ang paputok ay limitado lamang sa mga hawak-kamay na paputok at bawal ang paputok na inililipad o rocket fireworks. ※ Ang paputok ay maaari lamang gamitin sa lupa, buhangin, o sa aspaltadong lugar; hindi ito maaaring gamitin sa damuhan, mga halaman, o sa loob ng mga gusali na may panganib na mag-apoy.
- Kung gagamit ng paputok, siguraduhing maghanda ng tubig para sa pag-apula ng apoy, at kailangang dalhin pauwi ang mga labi ng mga paputok pagkatapos ng paggamit.
- Bawal ang pagpasok ng sasakyan sa bahagi ng parke maliban sa parking area (kasama ang motorsiklo, mopeds, maliban sa mga emergency vehicle).
- Kapag matao, ang mga bisitang nagdala ng sasakyan ay kailangang gumamit ng pre-payment machine para magbayad bago umalis ng parke.
- Para sa kaligtasan, bawal gamitin ang skateboards, caster boards, at kickboards sa parking lot, tennis court, at paligid ng Gangi Plaza.